
NEWS RELEASE

PAGLABAS NG BALITA

Para sa kagyat na Paglabas 2020FIN0008-000290 Peb. 18, 2020

VICTORIA — Ang Budget 2020 ay nagpapagalaw ng pasulong ang British Columbia sa pamamagitan ng pagtatayo ng imprastruktura na kinakailangan ng lumalagong lalawigan, pagsusuporta sa libu-libong mga bagong trabaho, pagpapalakas ng mga pamumuhunan sa kalusugan at edukasyon at gawing mas abot-kayang pamumuhay para sa lahat. Mula sa mga bagong kalsada, mga ospital, pabahay, mga paaralan at mga sentro ng pangangalaga ng bata sa mas mahusay, mas abot-kayang mga serbisyo sa bawa't komunidad, nakikita natin ang mga pangunahing pagbabago na nagpapabuti sa pamumuhay ng mga British Columbians, — sinabi ni Carole James, Ministro ng Pananalapi. Sama-sama, tayo ay nakagawa ng maraming pag-unlad at hindi tayo maaaring bumalik. Pinananatili ng Budget 2020 ang ating lalawigan na sumulong sa pamamagitan ng pagtuon sa mga tao. Ang pagbuo ng isang mas malakas na B.C. na Budget 2020 ay gumagawa ng mga bagong pangako upang magdala ng paggasta ng puhunan sa loob ng tatlong taon hanggang \$22.9 bilyon — ang pinakamataas na antas sa kasaysayan ng B.C. Ang trabaho ay kasalukuyang ginagawa sa mga bago at napabuting mga ospital at mga pasilidad ng kalusugan, mga proyekto sa haywey at transportasyon, mga paaralan at bagong pabahay sa buong B.C. na pinagsisigla ang higit sa 100,000 direkta at hindi direktang mga trabaho sa panahon ng konstruksyon. Ang mga British Columbian ay nagsusumikap upang makagawa ng isang mas mahusay na kinabukasan para sa kanilang pamilya, at ganoon din kami. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng imprastrukturang kinakailangan ng ating lumalagong probinsya, ginagawa nating mas madali ang pamumuhay para sa mga tao at paglilikha ng mga magandang trabaho at oportunidad sa mga lokal na komunidad, — sinabi ni James. Ang isang mas malakas na B.C. ay nangangahulugan ng pagtitiyak na may mga oportunidad para sa lahat. Ang Budget 2020 ay gumagawa ng isa pang hakbang patungo sa pakikipagkasundo sa mga katutubong tao sa pamamagitan ng pagpapatunay sa makasaysayang 25-taong kasunduan sa pagbabahagi ng kita na makakakita ng \$3 bilyon na mga kita sa paglalaro na ibinahagi sa lahat ng First Nations. Ang mga bagong oportunidad sa isang napapanatiling ekonomiya sa susunod na dekada, higit sa 860,000 na mga trabaho ay magbubukas sa buong British Columbia. Higit sa 75% ng lahat ng mga trabaho ay mangangailangan ng ilang edukasyon o pagsasanay pagkatapos ng haiskul. Ang Budget 2020 ay lumilikha ng bago, batay sa pangangailangan na BC Access Grant (Kaloobang Pananalapi sa Paggamit ng BC) para sa mga mag-aaral upang matiyak na lahat ng mga British Columbian ay maaaring maggamit ang mga pagkakataon na ito, habang lumalaki ang mga dalubhasang manggagawa sa B.C. Ang kaloob na pananalaping ito ay magbibigay ng hanggang \$4,000 upang makatulong sa paunang mga gastos sa matrikula para sa higit sa 40,000 mga mag-aaral na may mababa- at pang-gitnang kita. Ang kinabukasan ng B.C. ay maliwanag at puno ng oportunidad. Sa bagong BC Access Grant, maglalagay tayo ng isang edukasyon sa kolehiyo o unibersidad sa loob ng abot ng libu-libo pang mga British Columbian, — sinabi ni James. Ang mga kaloob na ito ay magbibigay ng pagkakaiba para sa mga mag-aaral, at makakatulong sa mga negosyo ng B.C. na makahanap ng mga taong may kasanayan na kailangan nila. —

Ministro ng Pananalapi

Patuloy na sinusupportahan ng Lalawigan ang mga nagsusumikap na manggagawa sa kagubatan sa pamamagitan ng paggamit ng paglalagay ng trabaho, pagsasanay ng mga kakayahan, mga pautang sa kagamitan, mga kaloob na pananalapi para sa mga matinding naapektuhang komunidad at mga programa upang suportahan ang maagang pagreretiro. Ang Budget 2020 ay

nagdaragdag ng \$13 milyon para sa mga bagong pagsisikap sa pagbabagong-buhay sa kagubatan, kabilang ang pagdami ng bio-ekonomiya ng B.C. gamit ang mga makabagong pagbabago na gawin may dagdag-na-halaga ang mga produkto na kahoy tulad ng mga biofuels, bioplastics at tela. Ang isang malinis na kapaligiran ay ang pundasyon ng isang maunlad at napapanatiling ekonomiya. Ang Budget 2020 ay nagpapabilis sa paglipat ng isang mas malinis na kinabukasan na may karagdagang \$419 milyon sa loob ng tatlong taon para sa CleanBC, karagdagan sa humigit-kumulang na \$900 milyon na pinuhunan sa Budget 2019. Kasama sa pagpopondo na ito ay ang mga insentibo upang bumili ng mga de-koryenteng sasakyan [electric vehicles (EV)] at magtayo ng mga EV pangkargang estasyon. Bilang karagdagan, ang badyet sa taong ito ay nagdaragdag ng suporta para sa mga industriya na kumikilos patungo sa mga malinis, mababang-karbon na solusyon at proyekto upang gawing mas episyente sa enerhiya ang mga paaralan, unibersidad, kolehiyo at mga ospital ng B.C. Ginagawa na abot-kaya ang pamumuhay at pagpapabuti ng mga serbisyo. Ang B.C. ay isa sa pinakamabilis na lumalagong mga ekonomiya ng Canada. Nguni't habang ang ekonomiya ay lumago, ang pamumuhay ay naging masyadong magastos para sa maraming mga pamilya. Ang bagong Oportunidad na Benepisyo ng Bata ng BC (BC Child Opportunity Benefit), na ilulunsad sa Oktubre 2020, ay magbibigay sa 290,000 na pamilya ng mas maraming pera upang suportahan ang kanilang mga anak. Sa pinagsama na Abot-kayang Pangangalaga sa Bata na Benepisyo (Affordable Child Care Benefit) at ang Inisyatibong Pagbabawas ng Bayad (Fee Reduction Initiative) para sa lisensyadong mga lugar sa pangangalaga ng bata ng B.C., ang mga pamilya na may isang bata ay maaaring makatipid ng \$20,000. Ang mga pamilya na may dalawang anak ay maaaring makatipid ng hanggang \$28,000 bawat taon. Ang mga pagtitipid na ito ay kasunod ng isang pagbabagong-anyo sa ICBC na magbabawas ng mga bayad sa pamamagitan ng isang 20% pamantayan, o \$400 sa isang taon para sa lahat ng mga nagmamaneho, habang pinapabuti ang mga benepisyo sa pangangalaga. Minarkahan din nito ang unang buong taon ng pag-aalis ng mga bayad sa plano ng mga serbisyong medikal [medical services plan (MSP)]

Itinatatag ang pinakamalaking pagbabawas ng buwis sa middleclass sa isang henerasyon. Pinapalakas ng Budget 2020 ang mga serbisyong pangkalusugan, edukasyon at komunidad na inaasahan ng lahat ng mga British Columbian. Ang badyet ay naghahatid ng karagdagang \$339 milyon upang palakasin ang sistema ng edukasyon ng K-12 ng B.C.

Itinatatag ang mga kamakailang pamumuhunan upang mapabuti ang mga paaralan at mag-employo ng higit sa 4,200 bagong mga guro. Ang karagdagang \$1 bilyon sa Budget 2020 ay magpapabuti sa pangangalaga ng kalusugan sa British Columbia. Ang bago o napabagong mga ospital ay paparating sa 13 mga komunidad, at 12 bagong kagyat at pangunahing mga sentro ng pangangalaga ay bukas. Dalawa pa ang darating. Isang balanseng plano, ang Budget 2020 ay isang balanseng plano na nakatuon sa mga prayoridad ng mga British Columbian. Ang Budget 2020 ay lumilikha ng isang bagong saklungang buwis para sa pangunahing 1% ng mga kumikita ng kita sa British Columbia. Halos kalahati ng kita na nalilikha ay magmumula sa mga indibidwal na kumikita ng higit sa \$1 milyon taun-taon. Ngayong araw, kami ay humihiling sa mga taong nasa tuktok, ang pinakamataas na 1% ng mga indibidwal na kumikita ng kita, na magbayad nang kaunting higit pa at tulungan ang B.C. na magbigay sa mga pamilya at komunidad ng mas mahusay na mga serbisyo at mas matibay na imprastruktura, _____ sinabi ni James. Upang matulungan ang pagtugon sa mga lumalaking gastos sa kalusugan at epekto ng mga pinatamis na inumin, ang B.C. ay magsisimulang sumingil ng buwis sa pagbebenta ng panlalawigan [provincial sales tax (PST)] sa mga matamis na karbonatong inumin. Ito ay isang hakbang na Kumonekta sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect

Mga Kaugnayan sa Media ng Ministro ng Pananalapi 778 974-3341 Kontak:

itinaguyod ng mga propesyonal ng kalusugan at isang komite ng lahat ng partido, dahil ang mga kabataan sa pagitan ng edad na 14 at 18 ay ang nangungunang mga mamimili ng pop. Ang

Kasunduan sa Tiwala at Pagtustos [Confidence and Supply Agreement] sa pulong ng BC Green Party ay patuloy na nagbibigay ng batayan para sa isang malakas, matatag na pamahalaan para sa British Columbia. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan, patuloy na ginagawa ang pag-unlad sa mga ibinahaging prayoridad, tulad ng pagbabago ng klima, pagharap sa krisis ng pabahay at pagbubuo ng isang malakas, magkakaibang ekonomiya. Maikling Katotohanan: ☑ Ang badyet ay balanse sa lahat ng tatlong taon ng plano sa piskal na may mga labis na \$227 milyon sa 2020-21, \$179 milyon sa 2021-22, at \$374 milyon sa 2022-23. ☑ Sa nakalipas na taon, ang ekonomiya ng B.C. ay kabilang sa tuktok ng tunay na antas ng paglago sa kabuuan ng lokal na produkto [gross domestic product (GDP)] ng panlalawigan, na pinangunahan sa bansa na may pinakamababang kahalagahang kawalan ng trabaho, at kabilang sa mga pinuno sa paglago ng trabaho sa buong Canada. ☑ Ang British Columbia ay inaasahan na magpatuloy na kabilang sa tuktok ng panlalawigang ranggo ng paglago ng GDP sa 2020 at 2021. ☑ Sa pagitan ng 2001 at 2019, ang populasyon ng BC ay lumago ng halos isang milyong katao, na ang kalakihan ng pagtaas ay nasa Lower Mainland. Sa 2024, ang populasyon ng B.C. ay inaasahan na lalago ng humigit-kumulang 346,000 na katao at ng higit sa isang milyong tao sa susunod na 15 taon. Susunod ang apat na mga backgrounder.

Kumonekta sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect
Mga Kaugnayan sa Media ng Ministro ng Pananalapi 778 974-3341

BACKGROUND 1

Ministro ng Pananalapi

Plano ng Piskal 2020-21 hanggang 2022-23

Ang British Columbia ay isang pinuno ng ekonomiya sa Canada. Inaasahan ng mga nanghuhula sa pribadong sektor na ang B.C. ay manatili sa tuktok ng tunay na kabuuang lokal na produkto [gross domestic product (GDP)] ng lalawigan sa pagraranggo ng paglago sa 2020 at 2021.

Noong nakaraang taon, ang British Columbia ay nangunguana sa bansa na may pinakamababang pamantayan sa kawalan ng trabaho at kabilang sa pinakamataas sa paglago ng trabaho sa buong bansa.

Ang Budget 2020 ay isang balanseng plano na nagpapahintulot sa pamahalaan na magpatuloy sa paggawa ng mga pamumuhunan na magpapabuti sa kakayahang umangkop at pagbutihin ang mga serbisyo na inaasahan ng mga tao, habang sinusupportahan ang paglikha ng trabaho sa buong lalawigan.

Matatag na ekonomiya, matatag na paglago ng ekonomiya

Ang hinuhulaang Budget 2020 ay muling magpapatunay na ang B.C. ay binibilang na isang pinuno sa ekonomiya sa Canada, habang kinikilala ang kawalan ng katiyakan sa ekonomiya sa buong mundo.

Ang hinuhulaan para sa tunay na paglago ng GDP ng B.C. sa 2020 ay nadagdagan nang kaunti mula sa 1.9% hanggang 2.0%, habang ang hinuhulaan para sa 2021 ay binago nang bahagya mula sa 2.0% hanggang 1.9%, kumpara sa 2019 Unang Tatluhan-Buwang Ulat. Ang pananaw sa paglago ng ekonomiya para sa 2022 hanggang 2024 na panahon ay nasa pamantayang 2.0%, na naaayon sa mga nakaraang inaasahan.

Ang pangunahing panganib sa pagbagsak sa pang-ekonomiyang pananaw ay kinabibilangan ang patuloy na kawalan ng katiyakan tungkol sa mga patakaran sa pandaigdig ng pangangalakal, mga pag-iging sa geopolitikal, mahina na pangdaigdaig na pang-ekonomiyang aktibidad, pati na rin ang mas mababang mga presyo ng kalakal at mas mabagal na paglago ng lokal na ekonomiya. Inaasahang magkakaroon ng positibong epekto sa ekonomiya ng B.C. ang natural na likido na gas [liquefied natural gas (LNG)] sa lalawigan. Ang pagpapanatili ng pananalapi sa ICBC at ang epekto ng kawalan ng katiyakan sa pandaigdigang pangangalakal sa natural na mapagkukunan na kita ay nagdudulot ng mga panganib sa piskal na plano.

Upang pamahalaan ang mga panganib na ito, ang hula sa Budget 2020 para sa tunay na paglago ng GDP ng B.C. ay nananatili sa ibaba ng pananaw na ibinigay ng Konseho ng Paghula sa Ekonomiya [Economic Forecast Council], na sumasalamin sa isa sa mga antas ng mabuting pagpapasya na nakapaloob sa plano ng piskal.

Ang iba pang mga patong ng mabuting pagpapasya ay kasama sa plano ng piskal upang matulungan ang pagtugon sa posibilidad ng mas mababa kaysa sa inaasahang mga kita, hindi inaasahang mga gastos o mga emerhensya. Kabilang sa Budget 2020 ang isang taunang

hinuhulaang kaluwagan na \$300 milyon sa bawa't isa sa tatlong taon ng plano sa piskal. Kasama rin sa Budget 2020 ang isang paglalaan kung anumang maaaring mangyari na \$600 milyon sa 2020-21 at \$400 milyon bawa't taon sa 2021-22 at 2022-23.

Pananaw sa Badyet

Mga sobra sa proyekto ng Budget 2020 ng:

- \$227 milyon sa 2020-21
- \$179 milyon sa 2021-22
- \$374 milyon sa 2022-23

Pananaw sa kita

Ang kabuuang kita ng gobyerno ay hinuhulaan na \$60.6 bilyon sa 2020-21, \$62.4 bilyon sa 2021-22 at \$64.2 bilyon sa 2022-23.

Pananaw sa gastos

Ang kabuuang gastos sa tatlong taong piskal na plano ay hinuhulaan sa \$60.1 bilyon sa 2020-21, \$61.9 bilyon sa 2021-22, at \$63.5 bilyon sa 2022-23.

Paggastos ng kapital

Ang paggastos ng suportadong-tagabayad ng buwis na kapital sa planong piskal ay isang talaan na \$22.9 bilyon at kabilang ang mga bagong pamumuhunan upang mapanatili at mapalawak ang imprastrukturang panlalawigan, kabilang ang mga paaralan, pasilidad na pang-sekondarya, pabahay, transportasyon, kalsada, tulay at ospital.

May kakayahang umutang

Ang utang na suportado ng nagbabayad-ng-buwis ng B.C. ay inaasahang magiging \$49.2 bilyon sa pagtatapos ng piskal na taon 2020-21, \$53.9 sa 2021-22 at \$58.6 bilyon sa pagtatapos ng 2022-23. Ang suportado ng nagbabayad-ng-buwis na utang-sa-GDP na panumbasan, isang pangunahing sukatan na ginagamit ng mga ahensyang nagmamarka ng kredito, ay inaasahang mananatiling malapit sa 17% sa pagtatapos ng panahon ng plano sa piskal.

Kontak:

Ministro ng
Pananalapi ng
Kaugnayan sa
Medya
778 974-3341

BACKGROUND 2

Bagong Access Grant (Kaloob sa Paggamit) ng BC

Upang suportahan ang mga mag-aaral na nakatapos ng haiskul na nasa mababa- hanggang sa pang-gitnang-kita at kung kailan na pinakakailangan nila ito, ang Budget 2020 ay nagsagawa ng susunod na hakbang sa paggawa ng mas abot-kayang pamumuhay para sa mga mag-aaral sa B.C.

Ang pagtataguyod sa pagtanggap ng interes sa mga pautang ng mag-aaral sa B.C., ang isang bagong batay-sa-pangangailangan, paunang BC Access Grant [Paggamit ng Kaloob sa BC] ay tatanggalin ang mga hadlang sa edukasyon at magbibigay ng suporta para sa mga mag-aaral upang makumpleto ang kanilang pag-aaral.

Napapanahon para sa taglagas na semestre ng 2020, mahigit sa 40,000 karapat-dapat na mga mag-aaral sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad sa buong lalawigan ay makakatanggap ng agarang suporta kasama sa paunang gastos ng kanilang edukasyon.

Ang BC Access Grant ay karagdagan sa Canada Student Grant for Full-time Students [Kaloob sa Mag-aaral sa Canada para sa mga Full-time na Mga Mag-aaral], na nagtitiyak na ang mga mag-aaral sa B.C. ay tatanggap ng hanggang sa \$4,000 sa isang taon upang makatulong sa gastos ng mga programa na humahantong sa isang digri, diploma o sertipiko.

- Ang mga karapat-dapat na mag-aaral na nakatala sa isang programa sa ilalim ng dalawang taong haba ay maaaring makatanggap ng hanggang sa \$4,000 sa isang taong suporta ng BC Access Grant.
- Ang mga karapat-dapat na mag-aaral na nakatala sa isang programa na mahigit sa dalawang taong haba ay maaaring makatanggap ng hanggang \$1,000 sa isang taong suporta ng BC Access Grant, bukod sa hanggang sa \$3,000 sa ilalim ng programa ng Canada Student Grant for Full-Time Student, na umaabot sa \$4,000 bawa't taon.

Ang disenyo ng kaloob ay sumasalamin sa mga pinakamahasag na kasanayan at pananaliksik na batay-sa-pangangailangan, paunang mga kaloob na hindi lamang mapapabuti ang pagkaroon ng edukasyon, nguni't hinihikayat din ang pagkukumpleto sa paggawa na mas abot-kayang pamumuhay para sa mga mag-aaral habang sinisimulan nila ang mga post-sekondaryong [pagkatapos-ng-haiskul] pag-aaral sa pagsimula ng bawa't taon ng paaralan.

Ang bagong kaloob ay lilikha ng isang bagong \$24-milyong pamumuhunan sa loob ng tatlong taon, at sa pamamagitan ng muling pagdidisenyo ng mga umiiral na programa sa kaloob batay sa komentaryo mula sa tagapagtaguyod ng mag-aaral sa B.C. Ito ay karagdagan sa humigit-kumulang na \$37 milyon na ang pamahalaan ay muling mamumuhunan mula sa mga kaloob upang matiyak na ang mga mag-aaral ay makakuha ng tulong na kailangan nila kung kailan pinakakailangan nila ito.

Ito ay nangangahulugan na halos doble ang bilang ng mga mag-aaral na makakatanggap ng suporta.

Ang programa ng BC Access Grant ay patuloy na sumusuporta sa mga prioridad sa merkado-sa-trabaho, gawing makabago ang tulong sa pananalapi para sa mag-aaral at sunud-sunuran upang matugunan ang mga trabaho na mataas ang pangangailangan, tulad ng mga tagapagturo sa maagang pagkabata, mga kawani sa pangangalaga ng kalusugan at mga manggagawa sa pangangalakal. Ito ang unang pagkakataon na ang mga kaloob ng probinsiya ay magagamit ng mga mag-aaral na part-time at mga mag-aaral sa mga programa na mas mababa sa dalawang taon sa isang mas malawak na hanay na mga programa.

Ang programa ng BC Access Grant ay bumubuo sa gawain ng pamahalaan ng B.C. upang gawing mas mahusay at mas abot-kaya ang pamumuhay, kabilang ang mga makasaysayang pamumuhunan at mga pagbabago ng patakaran sa post-sekondaryong sektor:

Pagbubukas ng mga pintuan sa post-sekondaryong edukasyon at pagsasanay:

- Paglulunsad ng Provincial Tuition Waiver Program [Programa sa Pagpapaubaya ng Matrikula ng Lalawigan] para sa dating kabataan na nasa pangangalaga upang makakuha ng libreng matrikula sa lahat ng 25 pampublikong post-sekondaryong institusyon. Sa ngayon, higit sa 1,100 na dating kabataan na nasa pangangalaga ang nakinabang.
- Pagtatanggal ng interes sa mga pautang ng mag-aaral sa B.C. ay makakatipid para sa isang tipikal na mag-aaral na nagtapos ng halos \$28,000 sa pinagsamang B.C. at pederal na pautang ng mag-aaral ng \$2,300 sa mga singil sa interes sa loob ng isang 10-taong panahon ng pagbabayad.
- Pagbabawas ng gastos ng edukasyon sa pamamagitan ng pamumuhunan ng higit sa \$3 milyon sa bukas na mga aklat-aralin - ang pinakamalaking pamumuhunan ng Lalawigan.
- Paglilikha ng unang pondo sa iskolarsip ng B.C. para sa nagtapos na may \$12 milyong pamumuhunan - ang pinakamalaking pamumuhunan sa kasaysayan ng lalawigan para sa mga iskolar na nagtapos.

Pagsusuporta sa ligtas at pinakamakabagong mga kapaligiran sa pag-aaral:

- Ang paggawa ng pabahay na mas madaling makuha at abot-kaya para sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pamumuhunan ng \$450 milyon upang magtayo ng humigit-kumulang na 5,000 mga bagong kama sa loob ng anim na taon, na sa kasalukuyan ay may 1,975 na mga bagong kama na pinondohan.
- Ang pagbubukas ng 11 bago at pinahusay na mga pasilidad ng pagsasanay sa pangangalakal, pangangalagang pangkalusugan at pag-iinhinyero na nakikipagtulungan sa pederal na pamahalaan, at mga post-sekondaryong institusyon sa buong B.C.
- Ang pagbubuo ng isang bago, 24/7, libreng helpline sa kalusugan ng pangkaisipan para sa mga mag-aaral sa lahat ng pampubliko at pribadong mga post-sekondaryong institusyon sa buong B.C.
- Ang pamumuhunan ng \$750,000 sa mga programa sa pagpigil ng sekswal na karahasan sa mga post-sekondaryong institusyon.

Pamumuhunan sa mga trabaho ngayon at bukas:

- Pagbibigay ng \$42 milyon taun-taon sa 2022-23 upang magdagdag ng 2,900 na

mga lugar para sa isang hanay ng mga teknolohiyang programa sa mga pampublikong post-sekondaryong institusyon sa buong B.C.

- Pamumuhunan ng humigit-kumulang na pangkalahatang \$30 milyon upang mapalawak ang co-op at ang pag-aaral na pinagsama-sa-trabaho sa bawat isa sa 25 pampublikong post-sekondaryong institusyon ng B.C.
- Pakikipagkasundo sa isang bagong Workforce Development Agreement [Kasunduan sa Pagbuo ng Manggagawa] sa Pamahalaan ng Canada, na nagbibigay ng \$685 milyon sa anim na taon upang sanayin at pagbutihin ang mga kakayahan ng 67,000 mga British Columbian.
 - Ang mga pamumuhunan hanggang ngayon ay kasama ang \$12.4 milyon upang matulungan ang higit sa 2,000 kababaihan, kabataan at iba pang mga grupo na kulang sa kinatawan sa pagkuha ng mga pagsasanay sa dalubhasang pangangalakal, at \$7.5 milyon para sa pagsasanay sa mga pangangalakal para sa halos 500 katao sa mga Katutubong komunidad
- Ang pagtugon sa mga pangangailangan sa pagtatrabaho sa pangangalaga sa kalusugan at edukasyon ng maagang pagkabata sa pamamagitan ng:
 - pamumuhunan sa unang programa ng sonograpiya sa labas ng Lower Mainland, sa College of New Caledonia sa Prince George, pati na rin ang unang programa ng sonograpiya ng Vancouver Island sa Camosun College;
 - pagpapalawak ng mga lugar para sa trabaho at pisikal na terapewtika, at paglikha ng mga unang programa sa Hilaga;
 - paglikha ng unang digri na programa sa paggiging nars sa hilagang-silangan sa Fort St. John;
 - pagdaragdag ng 314 na lugar para sa edukasyon ng maagang pagkabata sa 12 post-sekondaryong institusyon bilang bahagi ng isang tatlong-taon, \$7.4 milyong pamumuhunan.
- Ang pamumuhunan sa mga pagsasanay sa pangangalakal kasama ang:
 - \$12.4 milyon upang matulungan ang higit sa 2,000 kababaihan, kabataan at iba pang mga grupo na kulang sa kinatawan sa pagkuha ng pagsasanay sa pangangalakal;
 - \$7.5 milyon para sa pagsasanay sa pangangalakal para sa halos 500 katao sa mga katutubong komunidad sa buong B.C.;
 - \$3.5 milyon upang madagdagan ang bilang ng mga tagapayo ng aprentis upang madagdagan ang suporta para sa kapwang mga aprentis at tagapag-employo.

Maikling Mga Katotohanan:

- 77% ng lahat ng mga bukas na trabaho sa susunod na 10 taon ay mangangailangan ng post-sekondaryong edukasyon at pagsasanay: 41% ay mangangailangan ng sertipiko o diploma at 36% ay mangangailangan ng undergraduate o masters digri.
- Simula sa Setyembre 2020, ang mga karapat-dapat na mag-aaral na mag-aaplay para sa pinansyal na tulong sa mag-aaral mula sa StudentAid BC ay awtomatikong susuriin para sa BC Access Grant. Ang mga mag-aaral ay hindi kailangang mag-aaplay nang hiwalay.
- Ang kaloob na pondo ay maaaring magamit patungo sa mga gastos sa matrikula, nguni't maaari din itong magamit para sa mga pangunahing gastos sa pamumuhay, tulad ng gastos sa upa, mga groseri o transportasyon.

- Ang bagong BC Access Grant ay sumusunod sa mga pinakamahasay na kasanayan, na dinadala ang B.C. alinsunod sa iba pang mga hurisdiksyon ng Canada na nagbibigay ng panguna, batay-sa-pangangailangan na mga kaloob.
- Sinusuportahan ng BC Access Grant ang pangako sa Confidence and Supply Agreement [Kasunduan sa Pagtitiwala at Pagtustos] sa pulong ng BC Green Party upang mapabuti ang pagkuha at pagbawas ng gastos ng post-sekondaryong edukasyon para sa mga mag-aaral.

Kontak:

Ministro ng
Pananalapi na
Kaugnay sa
Medya
778 974-3341

Kumonekta sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect

BACKGROUND 3

Ang pinakamalaking plano ng imprastruktura ng B.C.

Sa nakatakdang paglaki ng populasyon ng B.C. ng higit sa isang milyong tao sa susunod na 15 taon, ang paghahatid ng imprastruktura at mga serbisyo na kailangan ng mga tao ay pinakamahalaga sa pagpapanatili ng isang matibay na pang-ekonomiyang pundasyon at pagpapabuti ng kalidad ng pamumuhay ng bawa't isa.

Ang Budget 2020 ay gumagawa ng mga bagong kapital na pangako sa pamamagitan ng pagdadala ng kapital na suportado ng mga nagbabayad ng buwis sa paglipas ng tatlong taon ng \$22.9 bilyon - ang pinakamataas na antas sa kasaysayan ng B.C.

Ang trabaho na isinasagawa sa mga bago at napabagong mga ospital at pasilidad sa kalusugan, mga proyekto sa haywey at transportasyon, mga paaralan at bagong pabahay sa buong B.C. ay pinasisigla ang higit sa 100,000 direkta at hindi direktang mga trabaho sa panahon ng konstruksyon.

Bilang lumalagong lalawigan, mga pamuhunang ito ay makakatulong sa mga pagtaas na mga demanda para sa serbisyo at ang B.C ay manatili sa daanan ng isang pinanatiling kinabukasan.

Ang mga pamumuhunan sa loob ng tatlong-taong panahon ng piskal na plano, kasama ang:

- **Kalusugan:** \$6.4 bilyon upang suportahan ang mga bagong proyekto sa konstruksyon at pagbabago ng mga pasilidad pangkalusugan, medikal at diagnostikong kagamitan, at mga sistema sa pamamahala ng impormasyon. Kasama sa mga pangunahing proyekto ang muling paglaki ng Royal Columbian Hospital sa New Westminster, ang mga bagong tore ng pangangalaga ng pasyente sa Royal Inland Hospital sa Kamloops at ang Penticton Regional Hospital, na pinapalitan ang Mills Memorial Hospital sa Terrace at pagtatayo ng isang bagong Saint Paul Hospital sa Vancouver.
- **Transportasyon:** \$7.4 bilyon para sa mga pangunahing proyekto, kabilang ang pagpapalit ng Pattullo Bridge, ang Broadway Subway, apat na daanan sa Highway 1 na tumatagos sa Kicking Horse Canyon at mga pagpapabuti sa mga pasilyo ng haywey sa Delta, Langley at tabi ng timog baybayin ng Vancouver Island.
- **Edukasyon:** \$2.8 bilyon upang mapanatili, palitan, baguhin at palawakin ang mga K-12 na mga pasilidad sa North Vancouver, Sooke School District, Quesnel, Coquitlam, ang Greater Victoria School District, Vancouver, Abbotsford, at isang karagdagan sa Valleyview Secondary sa Kamloops. Marami sa mga bago at napabagong mga paaralan na ito ay ay isasama rin ang mga sentro ng pag-aaral ng kapitbahayan at mga lugar sa pangangalaga ng bata.
- **Edukasyon pagkatapos ng haiskul:** \$3.1 bilyon upang makabuo ng kapasidad at makatulong na matugunan ang mga pangangailangan ng kinabukasang manggagawa ng probinsya sa mga pangunahing sektor, kabilang ang kalusugan, agham, pangangalakal at teknolohiya. Kasama sa mga proyekto ang isang bagong gusali ng agham na pangkalusugan para sa mga mag-aaral sa British Columbia Institute of Technology sa Burnaby; mga bagong kagamitan upang mapalawak ang CEDAR

superkomputer sa Simon Fraser ng Burnaby; at dalubhasang kagamitan sa kampus ng Unibersidad ng British Columbia sa Vancouver, Vancouver General Hospital at BC Cancer Research Center upang suportahan ang pagbuo ng mga isinapersonal na paggamot para sa mga kanser sa prostate, pantog at bato. Bilang karagdagan, ang panlalawigang programang pautang sa pabahay ng mag-aaral ay makakakita ng humigit-kumulang 5,000 mga bagong kama ng pabahay ng mag-aaral na itinayo sa paligid ng B.C., mula sa Terrace hanggang Cranbrook, at Prince George hanggang Victoria.

- **Pabahay:** Bilang bahagi ng 10-taong plano sa pagtrabaho sa pakikipagtulungan ng pamahalaan upang lumikha ng mas abot-kayang pabahay para sa mga British Columbian, higit sa \$1 bilyon sa loob ng tatlong taon ay susuportahan ang pagtatayo ng bagong mababang-kita at gitnang-kitang pabahay sa buong B.C. Kasama dito ang mas maraming pabahay para sa mga nakatatanda, mga Katutubong mamamayan at mga pamilya. Ang Budget 2020 ay nagbibigay din ng karagdagang \$56 milyon para sa 200 bagong mga yunit ng sumusuportang modular na pabahay para sa mga taong walang tirahan o nanganganib sa kawalang tirahan.

Kontak:

Ministro ng
Pananalapi na
Kaugnay sa
Medya
778 974-3341

Kumonekta sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect

BACKGROUND 4

Para sa Agarang Paglalabas
Peb. 18, 2020

Ministro ng Pananalapi

Pagbubuo ng mga pundasyon ng Pagkakasundo

Mula pa noong araw na ang pamahalaang ito ay pinasumpa, ginawa na nitong isang prayoridad ang mga karapatan ng Katutubo at pagkakasundo – hindi para sa isang ministro, nguni't sa buong pamahalaan. Sa araw na ang bawa't ministro ay binigyan ng kanilang indibidwal na mga pangministrong tungkulin, sila rin ay binigyan ng isang liham ng kautusan. Ang liham na ito ay nagtagubilin sa kanila na maghangad ng totoo, pangmatagalang pagkakasundo sa mga Katutubong mamamayan sa British Columbia, at suportahan ang gawain ng pagpapatibay at pagpapatupad ng Deklarasyon ng United Nations sa mga Karapatan ng Mga Katutubong Mamamayan (ang Deklarasyon ng UN).

Ang Pahayag sa Batas ng Mga Karapatan ng Mga Katutubong Mamamayan

Noong huling taglagas, ang lehislatura ay buong pagkakaisang nagpasa ng Deklarasyon sa Batas ng Mga Karapatan ng Mga Katutubong Mamamayan [ang Batas ng Deklarasyon (the Declaration Act)], na binuo sa pakikipagtulungan sa Konseho ng Pamunuan ng Mga Unang Nasyon (First Nations Leadership Council), na kinabibilangan ng B.C. Assembly of First Nations, First Nations Summit at ng Union of B.C. Indian Chiefs.

Ang Batas ng Deklarasyon (Declaration Act) ay nag-aatas sa pamahalaan, sa pagsasangguni at pakikipagtulungan sa mga Katutubong mamamayan sa British Columbia, na gawin ang lahat ng mga hakbang na kinakailangan upang maihatid ang mga batas na panlalawigan sa posisyon ng pagkakasundo at pagkakaisa sa Deklarasyon ng UN. Ipinag-uutos din sa pamahalaan na lumikha ng isang planong pagkilos na kasama ang Mga Katutubong mamamayan sa pagkakamit ng mga layunin ng Deklarasyon ng UN, kasama ang taunang pag-uulat tungkol sa pag-unlad.

Ang pamahalaan ay nakatuon sa pakikipag-ugnayan sa mga Katutubong mamamayan, Mga Nasyon, mga organisasyon at pamunuan tungkol sa mga susunod na hakbang. Ang pakikipag-ugnay na ito ay gagabay sa pamahalaan habang nagsisimula itong sumulong patungo sa buong pagpapatupad ng Batas ng Deklarasyon.

Patuloy na Gawain upang Suportahan ang Pagkakasundo

Ang buong pamahalaan ay nakikibahagi sa nakaraang dalawa at kalahating taon sa paggawa ng mga hakbang upang makipagtulungan sa mga Katutubong mamamayan upang suportahan ang malusog at maunlad na mga komunidad.

Mabilis na kumilos ang pamahalaan upang baguhin ang mga patakaran at tugunan ang mga puwang na matagal nang kinilala bilang isang mataas na prayoridad ng mga Katutubong mamamayan, kasama ang gawain upang matugunan ang mga Panawagan sa Aksyon ng

Komisyon ng Katotohanan at Pagkakasundo (Calls to Action of the Truth and Reconciliation Commission).

Ang Batas ng Deklarasyon ay bumubuo sa pundasyon ng gawaing ito at pinapakita ang pangako ng pamahalaan sa tunay at pangmatagalang pagkakasundo, at pagpayag na magtrabaho nang mabilis upang matugunan ang mga nangungunang pangangailangan ng mga Katutubong mamamayan.

Ang mga sumusunod na aytem ay isang pamimili ng ilan lamang sa mahahalagang gawain na nagawa sa loob ng nakaraang dalawang taon habang hinihintay ang Batas ng Deklarasyon.

Pag-aayos ng Sistema para sa Proteksyon ng Bata

Walang may gustong makakita na ang isang bata ay napinsala. At walang nais na makakita ng isang bata na hindi kinakailangang kuhanin mula sa kanilang pamilya. Dahil sa mga makabuluhang pinsala sa kultura na dulot ng pagkuha ng mga batang Katutubo sa kanilang mga pamilya at pamayanan, ang Probinsiya ay nagtatrabaho nang mabilis upang matugunan ang labis na representasyon ng mga batang Katutubo sa pangangalaga ng lalawigan.

Upang mapanatili ang mga bata sa kanilang mga pamilya at sa kanilang mga pamayanan, dinagdagan ng pamahalaan ang mga bayad na pangsuporta sa pinalawak na mga miyembro ng pamilya upang tumugma sa mga suportang ibinigay sa lahat ng mga nagkakandiling magulang. Sapagkat mas maraming mga batang Katutubo ang sinusuportahan mula sa loob ng kanilang mga pamilya at pamayanan, ang B.C. ngayon ay may pinakamababang bilang ng mga bata at kabataan na nasa pangangalaga sa 30 taon, at ang pinakamababang bilang ng mga batang Katutubo na nasa pangangalaga mula noong 2014. Gayunpaman, alam ng pamahalaang ito na may mga higit pang kailangang gawin.

Ang isang pangunahing paraan na ang pamahalaan ay nagtatrabaho upang mapanatili ang Katutubong mga bata sa labas ng pangangalaga ay sa pamamagitan ng pagtatapos ng kasanayan ng paglalabas ng "mga alerto sa kapanganakan," kung saan nakita na ang mga bata ay kinukuha nang walang pahintulot mula sa kanilang mga magulang ng mga tagapagkaloob ng serbisyo na may mga alalahanin sa pangangalaga ng bata.

Sa halip na ilayo ang mga bata dahil ang mga pamilya ay nangangailangan ng tulong, itong bagong, paraan ng pakikipagtulungan ay nagsasangkot ng malapit na pakikipagtrabaho ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa mga magulang upang matukoy at maibigay ang mga suportang kailangan nila upang mabigyan ng malusog na pagsisimula ang kanilang mga anak.

Ginagawang mas partikular na mahalaga ng patuloy na labis na representasyon ng mga Katutubong bata at kabataan sa sistema ng pangangalaga ng B.C. ang pagbibigay ng suporta sa mga bata at kabataan na tumatanda sa pangangalaga ng pamahalaan. Iyon ang dahilan kung bakit ipinagmamalaki ng pamahalaan na palawakin ang pagpapaubaya ng matrikula para sa mga dating bata at kabataan na nasa pangangalaga sa lahat ng mga pampublikong post-sekondaryong institusyon bilang isa sa mga una nitong aksyon. Simula noon ay pinalawak ang programa upang mamuhunan sa mga ilang programa ng pagsasanay sa pangangalakal at upang dagdagan at pabutihin ang mga pinansyal na suportang tinatanggap ng dating kabataan na nasa

pangangalaga na natanggap upang sila ay makapagtuon sa kanilang mga pag-aaral. Patuloy na binubuo ang Budget 2020 sa inisyatibong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahalagang suportang pinansiyal na magagamit ng mas maraming mga kabataan na kwalipikado para sa pagpapaubaya ng matrikula.

Kinikilala at ikinararantal ng Probinsiya ang higit sa 1,100 na dating kabataan na nasa pangangalaga na ngayon ay kumukuha na ng isang post-sekondaryong edukasyon o pagsasanay sa kalakalan, libreng matrikula, at nagsisimula sa landas patungo sa isang mas magandang kinabukasan.

Pagsuporta sa Kalusugan at Paggaling ng Katutubo

Ang pagsuporta sa kalusugan at paggaling ng mga Katutubong mamamayan ay kritikal sa kapakanan ng mga Katutubong pamilya.

Sa pakikipagtulungan sa Awtoridad ng Kalusugan ng Mga Unang Nasyon (First Nations Health Authority), ang pamahalaan ay namuhunan ng \$40 milyon upang magtayo ng dalawang bagong mga sentro ng paggamot ng Katutubo sa lunsod at muling itinayo o kinumpuni ang anim pa sa mga rural na komunidad. Nakatulong din ito na pondohan ang Kilala Lelum Urban Indigenous Health at Healing Cooperative sa Vancouver - isang kauna-unahan sa uri nito sa B.C., na pinangunahan ng mga Nakatatandang Katutubo na gumagamit ng kapwa Katutubo at Pangkanlurang medisina at mga kasanayan sa pagpapagaling.

Dahil sa pagkilala na ang mga Katutubo ay higit na napinsala ng krisis sa labis ng dosis ng paggamot, ang pamahalaan ay nakipagsosyo sa First Nations Health Authority, Métis Nation British Columbia at Friendship Center sa isang tatlong taong pamumuhunan ng \$20 milyon upang suportahan ang mga komunidad ng Unang Nasyon at mga Katutubong mamamayan sa pagtugon sa krisis na ito. Limampu't limang mga kaloob ay naibigay na para sa mga inisyatibo sa ilalim nitong programa.

Paggawa ng K-12 na Edukasyon na Mas Madaling Makuha at Sumasalamin sa mga Karanasan ng Katutubo

Sa napakatagal na panahon, napakaraming mga Katutubong bata at kabataan ang naiwan ng isang sistema ng edukasyon na hindi nagsali ng mga pagtuturo at mga pananaw ng mga Katutubo o sumasalamin sa mga isinabuhay na katotohanan ng mga Katutubong mamamayan.

Upang makatulong na baligtarin ang ganitong kalakaran, ang pamahalaan ay nagtrabaho kasama ang First Nations Educations Steering Committee at ang First Nations Schools Association upang maihatid ang isang pakikipagtulungan ng pinagtatlong bahaging kasunduan na nagsisiguro ng isang pantay-pantay na edukasyon para sa mga mag-aaral ng Unang Nasyon, kahit saan man sila nakatira.

Ang \$100-milyon, limang-taong kasunduang ito ay sumusuporta sa mga mag-aaral ng Mga Unang Nasyon sa B.C. na dumadalo sa mga reserbang paaralan ng Mga Unang Nasyon o sa labas ng reserbang pampubliko o independienteng mga paaralan.

Salamat sa pagsisikap ng mga Katutubong mag-aaral, mga bagong pamumuhunan at isang bagong kurikulum na mas mahusay na sumasalamin sa mga Katutubong kaalaman, mga pananaw at mga karanasan, ang mga Katutubong mag-aaral sa B.C. ay nagtatapos ng sekundaryong paaralan sa pinakamataas na antas sa kasaysayan, na may halos 70% na nakakumpleto ng sekundaryang paaralan noong nakaraang taon. Gayunpaman, ang layunin ay ang makita na ang bawat mag-aaral sa B.C. ay nagtagumpay, at kaya mas marami pang dapat gawin.

Upang maabot ang layuning iyon, ang pamahalaan ay patuloy na nagsusumikap upang mapabuti ang edukasyon para sa mga Katutubong mag-aaral sa pamamagitan ng pagpopondo ng mga bagong puwang sa pagsasanay sa edukasyon ng gurong Katutubo, dalawang mga bagong pangkat ng Katutubong may masters sa edukasyon, at mga programa ng edukasyon ng pampublikong guro upang ang mga guro sa mga paaralan ay magkaroon ng mas mahusay na kagamitan upang suportahan ang mga Katutubong mag-aaral. Ang pamahalaan ay nagsagawarin ng mga hakbang upang mas mahusay na suportahan ang mga mag-aaral na Katutubo sa B.C. sa pamamagitan ng pagdadala ng isang bagong propesyonal na pamantayan na nangangailangan ng mga guro na nakatuon sa katotohanan, pagkakasundo at pagpapagaling.

Pinondohan din ng B.C. ang paglikha ng 17 First Nations na kurikulum, na may marami pang binubuo, at nakatuon din sa paglipat sa paghahandog ng mga buong kurso sa mga Katutubong wika. Marami pang mga Katutubong wika na sinasalita sa British Columbia kaysa sa ibang mga probinsiya sa bansa - at ang pamahalaan ay may tungkulin na gawin ang kanilang bahagi upang suportahan ang kanilang kaligtasan at muling pagkabuhay.

Bilang bahagi ng pagtugon sa mga kadahilanan ng kahinaan na maaaring humantong sa mga batang Katutubo na nahihirapan sa sistema ng paaralan, ang pamahalaan ay namumuhunan ng \$30 milyon sa loob ng tatlong taon upang mapalawak ang Head Start na programa sa higit sa 30 mga komunidad sa buong probinsiya. Inaalok ng Head Start ang maagang pag-aaral na ispesipiko sa kultura, mga programa sa pangangalaga ng bata at mga magulang, na may mga serbisyong magagamit nang walang gastos sa mga pamilya.

Ang mga pamumuhunan na ito, bilang karagdagan sa bagong pagpopondo sa Budget 2020 para sa mga mahinang mag-aaral, ay makakatulong sa mas maraming mga Katutubong mag-aaral na magtapos na kasama ang kanilang mga kauri.

Pagbubukas ng mga Pintuan sa Oportunidad

Ang mga Katutubong mag-aaral ay kailangang makakita ng isang landas na pasulong para sa kanila sa ating mga post-sekundaryong institusyon, at ng isang paraan upang magtagumpay sa trabaho.

Upang mas mahusay na makita ang mga pangangailangan ng mga Katutubong mag-aaral, ang pamahalaan ay sumama sa pagbubuo ng isang bagong estratehiya ng Post-sekundaryong edukasyon at pagsasanay ng Katutubo at pagpoprograma ng pagsasanay ng kasanayan ng Katutubo kasama ang mga First Nations Education Steering Committee, Indigenous Adult and Higher Learning Association, Métis Nation British Columbia, ang British Columbia Aboriginal Training Employment Alliance at iba pang mga Katutubong post-sekundaryong kasosyo.

Bilang bahagi ng pagtulong sa mga Katutubong mamamayan na makakuha ng mga mabubuting-magpasuweldong trabaho, ang pamahalaan ay naghahatid din ng higit sa \$24 milyon sa isang taon para sa pagpopondo ng pagsasanay sa trabaho sa mga Katutubong komunidad sa pamamagitan ng Aboriginal Community-based Training Partnerships Program, ang Community Workforce Response Grant at Indigenous Skills Training Development na Pondo.

Ginagamit ang mga kasunduan sa benepisyong komunidad upang mapanatili ang mga trabaho sa mga lokal na pamayanan, at ang pamumuhunan ng pamahalaan ay ginagamit bilang isang pagkakataon upang magbigay ng mga pag-aaprentis, pagsasanay ng mga kasanayan at mga oportunidad sa trabaho sa isang pangunahin na batayan para sa mga Katutubong mamamayan at iba pang napagsarhan ng pagkakataon.

Mahalaga ang representasyon. Kaya iyon ang dahilan kung bakit tinitiyak ng pamahalaan na mayroong kinatawan ang mga Katutubo sa bawat lupon ng mga direktor ng mga pampublikong post-sekondaryong institusyon sa British Columbia.

Alinsunod sa Mga Panawagan sa Aksyon mula sa Komisyon ng Katotohanan at Pagkakasundo, pinondohan ng pamahalaan ang paglikha ng unang programa ng batas ng Katutubo sa Canada sa Unibersidad ng Victoria, na nagbibigay ngayon ng masinsinang pag-aaral sa kapwa batas ng Katutubo at hindi-Katutubo, na nagpapahintulot sa mga tao na magtrabaho nang matatas sa buong parehong mga larangan. Pinopondohan din ng pamahalaan ang piloto para sa isang bagong digri sa wikang katutubo.

Pagsuporta sa Muling Pagbibigay-buhay sa mga Katutubong Wika

Para sa napakatagal na panahon, ang muling pagbibigay-buhay sa wika ay napabayaang at lahat ng mga Katutubong wika sa B.C. ay nanganganib. Maraming mga hamon na hinaharap ng mga komunidad sa paligid ng wika at kultura ay sistematiko at itinatag sa mga kolonyal na kasanayan na naglalayong tanggalin ang Katutubong kultura, kabilang ang sistema ng residensyal na paaralan. Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga Katutubong wika at kultura, ang Probinsiya ay nagsisimulang tugunan ang mga sistematikong hamon sa lipunan sa antas ng pamayanan, ini-uugnay ang mga tao sa kanilang mga pamayanan, lupain at kultura.

Ang \$50 milyon sa pagpopondong panlalawigan sa pamamagitan ng Pinangunahan-ng-Katutubong First Peoples' Cultural Council ay tumutulong sa mga komunidad at mga mamamayan na maibalik ang mga koneksyon sa kanilang wika at kultura. Sa pagpopondong ito, ang konseho ay may higit sa pagdoble sa bilang ng mga kaloob sa wika ng komunidad upang suportahan ang muling pagbibigay-buhay sa wika, na may higit sa \$ 16 na milyong kaloob na ipinamahagi sa mga Unang Nasyon mula noong 2018.

Sinusuportahan ng konseho ngayon ang higit sa 30 mga pamugaran ng wika, na lumilikha ng mga kultural na pagsasamang kapaligiran para sa mga batang hindi pa nagsimula ng pag-aaral at kanilang mga magulang upang maging matatas sa mga wika ng mga Unang Nasyon, pati na rin ang higit sa 100 mga pangkat ng tagapagturo-aprentis. Malaki rin ang pagtaas ng bilang ng mga dayalekto na nai-archive sa FirstVoices.com.

Habang ang patuloy na gawain ng First People's Cultural Council ay sumusuporta sa isang pundasyon para sa hinaharap, marami pa rin ang dapat gawin ng sama-sama upang suportahan ang mga komunidad sa kanilang gawain upang maibalik ang kanilang mga wika, na mahalaga sa pagiging bansa at soberanya.

Nagtatrabahong Magkakasama upang Matugunan ang Krisis sa Pabahay

Ang mga nasyon at organisasyon ng mga Katutubo ay mahalagang mga kasosyo ng pamahalaan sa pagtugon sa krisis sa pabahay.

Sa pamamagitan ng Building BC: Indigenous Housing Fund (Pagtatayo ng BC: Pondo ng Pabahay ng Katutubo), ang pamahalaan ay namumuhunan ng \$550 milyon sa loob ng 10 taon upang magtayo ng 1,750 na mga tahanan para sa mga Katutubong mamamayan, kapwa sa loob at labas ng reserba.

Sa pondong ito, ang B.C. ang naging una at tanging pamahalaang panlalawigan na magpopondo ng nasa-reserbang pabahay. Halos 1,200 mga bagong abot-kayang bahayay isinasagawa sa programang ito ngayon.

Bilang karagdagan, ang bawâ't isa sa stream ng pondo ng pabahay ng Building BC ay malugod na tumatanggap ng mga aplikasyon mula sa mga Katutubong kasosyo.

Ang pamahalaang panlalawigan ay nakikipagtulungan sa mga komunidad ng Katutubo, Mga Friendship Centre, at iba pang mga organisasyong pinamumunuan ng mga Katutubo upang magtayo ang mga tahanan na kailangan ng mga tao sa mga komunidad sa bawâ't bahagi ng probinsiya.

Pagpoprotekta sa mga Bagay na Mahalaga

Ang pagpapaunlad ng mapagkukunan ay isang mahalagang bahagi sa ekonomiya ng probinsiya. Ang mga mapagkukunang trabaho ay nagpapanatili ng mga pamilya at mga komunidad. Nguni't ang pagpapaunlad ng mapagkukunan ay dapat na mapanatili at maipagpatuloy nang hindi nagbibigay-panganib sa malinis na hangin, malinis na tubig at malusog na lupain na inaasahan ng mga tao.

Sa ilalim ng Deklarasyon ng UN, ang mga Katutubong mamamayan ay may karapatan sa pangangalaga at proteksyon ng kapaligaran at ang produktibong kapasidad ng kanilang mga lupain, mga teritoryo at mga mapagkukunan.

Bilang bahagi ng paggalang sa karapatang ito, ang pamahalaan ay nakikipagtrabaho nang malapit sa mga pinuno ng mga Katutubo upang makahanap ng isang paraang pasulong sa isyu ng mga bukid ng salmon sa Broughton Archipelago. Gamit ang isang proseso na nakabatay sa pinagkasunduan, ang Probinsiya at ang Kwikwasut'inuxw Haxwa'mis, 'Namgis at Mamalilikulla na mga Nasyon ay nagtulungan upang maghatid ng mga rekomendasyon sa mga pamahalaang pederal at probinsiyal tungkol sa kinabukasan ng mga bukid ng salmon sa rehiyon.

Sa pamamagitan ng prosesong ito, na kinabibilangan ng industriya, ang lahat ng mga partido ay nagawang magsama-sama sa paligid ng isang makatarungang plano ng paglipat para sa mga bukirin ng isda sa Broughton Archipelago. Ang prosesong ito ay nagresulta din sa mga pagbabago sa patakaran ng Batas ng Lupain (Land Act), upang sa hinaharap ang mga panunungkulan sa bukid ng salmon ay ibibigay lamang kung saan mayroong kasunduan na nasa lugar kasama ang mga lokal na Unang Nasyon sa loob ng kanilang sariling mga tradisyunal na teritoryo.

Ang Batas sa Pagtatasa ng Kapaligiran (Environmental Assessment Act) ay may mahalagang papel sa pagkakasangkot sa mga Katutubong nasyon sa mga desisyon sa paggamit ng lupa. Sa pagkilala na ang batas na ito ay kritikal sa pagkakasundo, ang pamahalaan ay nakipagtrabaho nang malapit sa mga Katutubong nasyon upang makabuo ng isang bagong Batas sa Pagtatasa ng Kapaligiran, na naipasa noong Nobyembre 2018 at naging epektibo noong Disyembre 2019.

Ang bagong batas ay nagdaragdag ng mga daan para sa pakikilahok ng mga Katutubo at ng publiko sa proseso ng pagtatasa, sinasangkot ang lahat ng mga maagang nakilahok at naglalayong kilalanin ang mga alalahaning isyu mula sa simula, pinapabuti ang mga kalalabasan at babawasan ang salungatan. Karagdagan pa, inaatas nito na isaalang-alang ng ministro ang pakikilahok na pahintulot ng mga Katutubong nasyon sa proyekto bago ilabas ang isang desisyon.

Pagsuporta sa Sariling Pamamahala

Ang karapatan sa sariling pamahalaan, awtonomiya at pagpapasiya sa sarili ay nangangailangan na ang mga Katutubong bansa ay may matatag, mahuhulaang mga mapagkukunan ng kita upang mamuhunan sa mga kritikal na bagay para sa bawa't pamahalaan, tulad ng imprastruktura, mga serbisyo na bumubuo ng malusog na mga komunidad at kawani upang maisagawa ito.

Noong Nobyembre 2018, ang pamahalaan ay nag-anunsiyo na ang Mga Unang Nasyon ng B.C. ay makikibahagi sa kita sa paglalarong panlalawigan, na may isang 25-taong pangako na kikitang halos \$3 bilyon sa mga bagong kita - ililipat mula sa isang antas ng pamahalaan patungo sa isa pa - upang suportahan ang mga prayoridad ng mga Unang Nasyon para sa mga serbisyong panlipunan, edukasyon, imprastruktura, muling pagpapalakas ng kultura at kakayahan sa sariling pamahalaan.

Sa pamamagitan ng BC First Nations Gaming Revenue Sharing Limited Partnership, \$100 milyon bawa't taon ay pupunta sa lahat ng mga komunidad ng mga Unang Nasyon sa B.C. upang maituloy ang kanilang sariling mga prayoridad at mapaglingkuran ang mga pangangailangan ng kanilang sariling mga komunidad. Ginagamit ng mga Unang Nasyon ang mga kita upang makagawa ng isang tunay na pagkakaiba sa mga komunidad. Kasama sa mga halimbawa ang isang pangkomunidad na sentro ng kabataan, isang programa ng pamamahala ng pangatong ng kagubatan upang maprotektahan ang mga tahanan mula sa mga napakalaking apoy at mga programa ng wika na bumubuo ng koneksyon sa kultura.

Ang mga Sentro ng Pakikipagkaibigan (Friendship Centres) ay nagbibigay ng mahahalagang pakikipag-ugnayan sa mga Katutubong mamamayan sa mga lungsod na komunidad sa buong

lalawigan. Sa pagkilala sa mahalagang papel na ginagampanan nitong mga sentro ng komunidad para sa mga Katutubong mamamayan sa lungsod, ginawang triple ng pamahalaan ang suportang pinansyal para sa mga Friendship Centre. Nguni't ang mas mahalaga, ito ay kumakatawan, sa kauna-unahang pagkakataon kailanman, ng matatag na pangunahing pagpopondo upang maaari silang makapagtuon sa kanilang mahalagang gawain.

Katarungan para sa Katutubong mamamayan

Nabago nang hindi na mapapalitan ang mga buhay ng napakaraming mga Katutubong mamamayan ng mas masahol sa pamamagitan ng isang sistema ng hustisya na hindi tumugon sa kanilang mga pangangailangan at hindi ligtas sa kultura. Ang mga makahulugang, pagbabago sa sistema ng hustisya ay kinakailangan upang maisulong ang pagkakasundo.

Upang lumikha ng mga pagbabagong ito, inendorso ng pamahalaan ang isang kasunduan sa Konseho ng Aborihinal na Hustisya ng B.C. (B.C. Aboriginal Justice Council), ngayon ang B.C. First Nations Justice Council (Ang Konseho ng Hustisya ng Unang Nasyon ng B.C.), na nagtukoy ng pitong mga prayoridad para sa pagbabago ng sistema ng hustisya at mga nakatalagang kasosyo sa pagbubuo ng isang estratehiya sa Katutubong katarungan.

Upang suportahan ang gawaing ito, ang Serbisyo ng Pag-uusig sa BC (BC Prosecution Service) ay nagbibigay ng ipinag-uutos na edukasyon at pagsasanay para sa mga kawani ng sistema ng hustisya, pag-update ng patakaran at kasanayan, at direktang pakikipag-ugnay sa mga Unang Nasyon upang mabawasan ang labis na representasyon ng mga Katutubong mamamayan bilang mga biktima, inakusahan at nagkasala sa sistema ng hustisyang kriminal, at gawing mas ligtas sa kultura ang mga serbisyo ng korte para sa mga Katutubong mamamayan.

Maramihang mga bagong patakaran ang ipinakilala sa pamamagitan ng Serbisyo ng Pag-uusig ng BC upang mabawasan ang labis na representasyon ng mga Katutubong mamamayan sa sistema ng hustisya, kasama ang mga bagong patnubay sa pagtatasa ng habla, isang bagong probisyon ng piyansa na nag-uutos sa mga tagausig na magsanay ng kahinahunan sa lahat ng mga bagay sa piyansa, lalo na kung saan ang mga akusado ay Katutubo, at mga bagong alituntunin para sa mga kondisyon ng probasyon, na direktang namamatnugot sa mga tagausig na isaalang-alang ang sistematikong mga kadahilanan na nakakaapekto sa mga Katutubong mamamayan kapag tinatalakay ang mga paglabag sa probasyon. Ang mga karagdagang pagbabago sa patakaran ay nasa proseso ng pagbubuo upang karagdagang masuportahan ang layunin na gawing mas patas at pantay-pantay ang sistema ng hustisya.

Sa pagkilala na kadalasan ang paggamit ng palaban na pamamaraan ng sistema ng korte ay hindi naaayon sa mga kasanayan ng Katutubong hustisya, pinalalawak din ng pamahalaan ang paggamit ng mga dalubhasang Katutubong korte. Dalawang karagdagang mga Katutubong korte ay nabuksan mula noong taglagas 2017, na kasama ang susunod sa Williams Lake na nakatakdang magbukas sa unang bahagi ng 2020.

Pakikipag-ugnay sa Mga Katutubong Komunidad

Mahalaga ang mga koneksyon sa mga komunidad. Ang mga artikulong 20, 21 at 24 ng Deklarasyon ng UN ay nag-aatas sa mga pamahalaan na suportahan ang mga Katutubong



mamamayan sa pagkakaroon ng makabuluhang paggamit sa internet upang suportahan ang mga pang-ekonomiyang aktibidad, pangangalaga sa kalusugan at mga serbisyong panlipunan.

Noong Disyembre 2019, ang pamahalaan ay naglunsad ng isang bagong intake na programa ng Pagkonekta ng British Columbia (Connecting British Columbia Program), na nag-aalok ng karagdagang \$50 milyon upang matulungan ang mga kanayunan, liblib at mga Katutubong mga komunidad na mapalawak ang imprastruktura ng broadband.

Ang trabaho ay isinasagawa o nakumpleto sa ilalim ng programang ito upang mag-alok ng napakabilis na paggamit ng internet sa 83 mga Katutubong komunidad sa British Columbia.

Ang pisikal na pagkakakonekta ay kasinghalaga ng digital na pagkakakonekta, kung kaya ang Probinsiya ay nakikipagtulungan sa pamahalaang pederal upang mapanatili ang mga serbisyo ng BC Bus North. Nag-aalok din ang pamahalaan ng pagsasanay sa pagmamaneho sa mga tao sa mga Katutubong komunidad, sa pagkilala na ang kakayahang makapaglibot ay kritikal, lalo na para sa mga Katutubong mamamayan na naninirahan sa kanayunan at liblib na mga komunidad.

Kontak:

Mga Relasyon sa Media

Ministryo ng Pananalapi

778 974-3341